



Code-Switching at Filipino Identity: Kapag Nagsasalubong ang Filipino, English, at mga Wikang Rehiyonal

Lizabeth G. Ringor

Zamboanga Peninsula Polytechnic State University, R.T. Lim Boulevard, Baliwasan Zamboanga City 7000

Corresponding email: lringor@zppsuh.edu.ph

Sa isang ordinaryong usapan ng mga Pilipino, maaaring magsimula ang isang pangungusap sa Filipino, lumipat sa English, at magtapos sa Cebuano, Ilocano, Chavacano, Tausug, o iba pang wikang rehiyonal. Para sa ilan, ang ganitong paraan ng pagsasalita ay tinatawag na “Taglish” o code-switching. Para naman sa iba, isa itong natural na bahagi ng pagiging Pilipino sa isang multilingual na lipunan. Ngunit higit pa sa simpleng paghahalo ng mga salita, ang code-switching ay maaaring magsabi kung sino tayo, saan tayo nagmula, at kung paano natin ipinapakita ang ating sarili sa iba’t ibang sitwasyon.


Matagal nang bahagi ng linguistic landscape ng Pilipinas ang pagsasanib ng Filipino at English. Sa pagsusuri ni Bautista (2004), ang Tagalog-English code-switching ay hindi lamang random na pagpapalit ng wika. Isa itong mode of discourse at linguistic resource sa repertoire ng Filipino bilinguals. Ipinapakita nito na ang paggamit ng dalawang wika sa isang interaction ay maaaring magkaroon ng sariling communicative functions at hindi dapat awtomatikong ituring na kakulangan sa kasanayan sa alinmang wika.

Sa paglipas ng panahon, nagkaroon din ng epekto ang code-switching sa mismong pag-unlad ng Philippine English. Sa pag-aaral nina Lising et al. (2020), sinuri ang code-switching ng bilingual Filipino students sa online academic discussions. Natuklasan nilang mataas ang antas ng code-switching, lalo na sa loob ng indibidwal na turns, at ang mga elementong Tagalog gaya ng discourse markers at function words ay nakikilahok sa paghubog ng code-mixed English. Ipinapakita nito na ang wika ay hindi lamang sumusunod sa mga diksyunaryo at grammar books; umuunlad din ito sa aktuwal na paggamit ng mga bilingual speakers.

Mahalaga rin ang papel ng digital communication. Sa pag-aaral nina Caparas at Gustilo (2017), sinuri ang Facebook posts ng mga estudyante at professionals sa Mindanao na gumagamit ng English, Filipino, Chavacano, Cebuano, Tausug, at iba pang wika. Lumitaw na Taglish ang preferred code sa kanilang online communication. Higit pa rito, ginamit ang code-switching upang mapanatili ang native terminology, maipahayag nang mas natural ang ideya, maipakita ang emosyon, at mapalakas ang interpersonal relationships. Ipinakita rin ng pag-aaral na maaaring magsabay-sabay ang regional languages, Filipino, at English sa digital interaction.

Hindi rin hiwalay ang code-switching sa proseso ng lexical development. Sa naunang pag-aaral ni Bautista (1998), ipinakitang ang Tagalog-English code-switching ay maaaring maging source ng lexical items para sa Philippine English. Sa kaniyang corpus ng informal written communication, nakita ang pagpasok ng Tagalog nouns, conjunctions, enclitics, at expressions sa English sentences. Ipinahihiwatig nito na ang code-switching ay maaaring maging bahagi ng proseso kung paano nagbabago at yumayaman ang isang variety of English sa Pilipinas.

Higit pa rito, ang wika ay may direktang ugnayan sa identity. Sa pag-aaral nina Lesho at Sippola (2025) tungkol sa Cavite Chabacano, ipinakita kung paano nakaugnay ang language choice, migration, at identity sa pagbabago ng isang Philippine creole community. Ang mga wika ay maaaring magsilbing simbolo ng





TALAS

Mga balita, tampok, at sanaysay

authenticity, nostalgia, at belonging kahit nagbabago ang aktuwal na pattern ng paggamit. Sa ganitong pananaw, ang pagpili ng wika ay maaari ring maging paraan ng pagpapahayag kung sino ang isang tao at kung saang komunidad siya kabilang.

Dahil dito, hindi dapat awtomatikong tingnan ang code-switching bilang problema na kailangang alisin. Sa paaralan, trabaho, tahanan, at social media, maaari itong magsilbing praktikal na paraan upang makipag-usap sa mga taong may magkakaibang linguistic backgrounds. Ang mas mahalagang hamon ay turuan ang mga gumagamit kung paano maging flexible sa paggamit ng wika habang nauunawaan ang angkop na register at sitwasyon.

Ang Filipino identity ay hindi nabubuo sa iisang wika lamang. Nabubuo ito sa pagsasalubong ng Filipino, English, at mga wikang rehiyonal at katutubo. Sa bawat paglipat ng wika, maaaring may ipinahahayag na kahulugan—pagiging komportable, pagiging kabilang, pagpapakita ng propesyonismo, pagpapatawa, pagpapahayag ng emosyon, o simpleng paghahanap ng salitang pinakaangkop.

Sa huli, ang code-switching ay hindi tanda na hindi marunong magsalita ang isang Pilipino. Maaari itong maging patunay na may kakayahan siyang gumalaw sa maraming linguistic worlds. Ang tunay na hamon ay hindi ang pagpigil sa pagsasalubong ng mga wika, kundi ang pagtiyak na sa pagsasalubong na iyon, nananatiling buhay at pinahahalagahan ang Filipino at ang maraming wikang bumubuo sa ating pagkakakilanlan.

References

- Bautista, M. L. S. (1998). Tagalog-English code-switching and the lexicon of Philippine English. *Asian Englishes*, 1(1), 51–67. <https://doi.org/10.1080/13488678.1998.10800994>
- Bautista, M. L. S. (2004). Tagalog-English code-switching as a mode of discourse. *Asia Pacific Education Review*, 5(2), 226–233. <https://doi.org/10.1007/BF03024960>
- Caparas, P., & Gustilo, L. (2017). Communicative aspects of multilingual code switching in computer-mediated communication. *Indonesian Journal of Applied Linguistics*, 7(2), 364–373. <https://doi.org/10.17509/ijal.v7i2.8137>
- Lesho, M., & Sippola, E. (2025). Creole identity, transnational migration, and language endangerment in a Philippine context. *Journal of Pidgin and Creole Languages*. <https://doi.org/10.1075/jpcl.24029.les>
- Lising, L., Peters, P., & Smith, A. (2020). Code-switching in online academic discourse: Resources for Philippine English. *English World-Wide*, 41(2), 131–161. <https://doi.org/10.1075/eww.00044.lis>

DETALYE NG ARTIKULO

T-0000017; Natanggap: March 15, 2026; Tinanggap: March 17, 2026; Nailathala: March 19, 2026

SIPI:

Ringor, L. G. (2026). Code-Switching at Filipino Identity: Kapag Nagsasalubong ang Filipino, English, at mga Wikang Rehiyonal. *Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay*. DOI: 10.64591/kpj32b77

KARAPATANG-AUTOR

© 2026 ng may-akda. Ang *Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay* ay inilathala ng Harness Mind Publishing. Ito ay isang Open Access na artikulo na ipinamamahagi sa ilalim ng mga tuntunin ng Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), na nagpapahintulot sa muling pamamahagi at pagpaparami sa anumang anyo o midya, basta't kinikilala ang orihinal na akda.

